

# PROLOGUE

*M*ay 1993.

Kalaliman ng gabi. Naalimpungatan si Jeffrey Gutierrez nang marinig na bumukas ang pinto ng guest room na tinutulugan niya sa mansion ng pamilya ng kaibigang si Glenn Toledo na anak ng gobernador ng Davao. Mula sa katiting na liwanag galing sa buwan, nakita niyang pumasok ang isang babae.

*Siya siguro ang babaeng sinabi ni Glenn na papupuntahin niya sa kuwarto ko para makalimutan ko si Susana, groggy na sabi niya sa sarili.*

Nang maghiwalay sila ng kaibigan matapos ang ilang oras na pag-iinom ng alak ay nangako itong magpapadala ng babae sa kuwarto niya para aliwin siya. Tinanggihan niya iyon, ngunit mukhang nagpilit pa rin ito.

Naisip niyang gamitin na rin ang babae dahil nagising na siya. Tiyak na matagal na naman bago siya makabalik sa pagtulog dahil sa kaiisip sa taksil na asawa.

Ibinalik niya ang atensyon sa bagong dating,

hindi pa rin nito isinasara ang pinto, at kasalukuyang sumisilip pa sa labas. Ilang sandali pa ay isinara na nito ang pinto at naglalakad papunta sa kama.

Hindi niya masyadong maaninag ang mukha nito, pero mula sa katiting na liwanag ng buwan ay nakita niyang mahaba ang itim at tuwid na buhok nito at balingkinitan ang pangangatawan.

Nang makaupo ito sa kama ay saka lang siya kumilos. Niyakap niya ito, inihiga at walang salisalita na hinuli ang labi nito. Naramdaman niya ang pagkilos nito sa ilalim niya, at dahil isang taon na siyang walang babae ay mabilis siyang naapektuhan dito.

Hindi niya namalayan na naging marahas na ang kanyang mga labi at kamay. Nalaman lang niya iyon nang mag-umpisang kumawala ang babae sa kanya.

“Huwag kang matakot, Sweetheart,” bulong niya in a husky voice habang pilit na inaalang hitsura nito. Ngunit sadyang madilim ang paligid. “Hindi kita sasaktan. Masaya ako na pinapunta ka ni Glenn dito. Hindi ko akalain na ganito na pala katindi ang pangangailangan ko.” Lalo niyang idiniin ang katawan dito.

“Pero hindi ako—” simula nito pero hindi niya ito pinatapos.

Muli niyang hinuli ang bibig nito, but this time ay mapanuyo na ang kanyang mga labi, ang mga kamay ay malambing, at ang katawan ay naging mabagal ang kilos. Unti-unti ay naramdaman niyang kumalma ang babae; ilang sandali pa ay nagre-respond na ito sa kanyang mga halik.

Tinanggal niya ang damit nito. Siya naman ay nakahubad na dahil sanay siyang natutulog nang walang saplot. Walang-patawad na ginalugad niya ang buong katawan ng kaulayaw, at nang maramdaman ang mumunting panginig ng katawan nito ay saka niya ito inangkin. Sandali siyang natigilan dahil isang virgin ang inangkin niya.

*Pero hindi. Isa siyang prostitute, aniya sa sarili.*

Nakalimutan na niya ang tungkol doon nang kumilos ang babae. Nag-umpisa na rin siyang kumilos sa loob ng katawan nito until with a cry of intense pleasure, he spent himself inside her.

Makalipas ang ilang segundo, feeling physically satisfied but emotionally empty, pinakawalan niya ang babae. Mabilis itong tumayo at nag-umpisang magbihis.

“May pera diyan sa side table,” sabi niya sa boses na walang kabuhay-buhay. “Kunin mo at umalis ka na,” utos niya.

Nang matapos magbihis ang babae ay lumapit ito sa side table, dinampot ang pera at itinapon sa mukha niya.

“Hindi ko kailangan ang pera mo! Isa pa, hindi sapat ang pera mo para mabayaran mo ang kinuha mo sa akin!” sabi nito sa boses na punung-puno ng galit at takot bago ito tumakbo papunta sa verandah.

Galit na bumangon si Jeffrey. Pero kahit anong pagpupursige ay hindi na niya naabutan o nakita ang babae. Iiling-iling na naglakad siya pabalik ng kuwarta, binuksan ang ilaw para muling ipunin ang perang itinapon nito. Ngunit paglapit sa kama ay nakita niya ang stains ng virginity ng babae.

Isa-isa niyang dinampot ang mga perang papel na nagkalat sa kama. Habang ginagawa iyon ay nakita niya ang kuwintas na may pendant na krus sa ilalim ng isa sa mga pera. Dinampot niya iyon, hinimashimas; mukha itong mamahalin at parang antigo pa.

*A virgin prostitute na nagsusuot ng mamahalin at antigong crucifix!* di-makapaniwalang sambit niya sa sarili. Ano na ba ang nangyayari sa mundo? At ano ang ginagawa ni Glenn, nagbibigay ng mga virgins sa mga bisita niya? Bukas na bukas din ay aalamin ko sa kanya kung sino ang babaeng 'yon.

Ngunit kinabukasan ay nabalitaan na lamang

niya sa ama ni Glenn na pumanaw ang kanyang kaibigan nang nakaraang gabi nang bangungutin ito habang natutulog.

Nag-stay siya sa bahay ng gobernador hanggang sa mailibing ang kaibigan. Nang huling gabi niya sa bahay na iyon, habang iniimpake ang mga gamit ay muli niyang nakita ang crucifix necklace na naiwan ng prostitute.

Pauwi na siya sa Maynila at wala nang panahon para hanapin ang babae para maibalik niya ang kuwintas nito.

*Hindi na rin siguro siya interesado dito, sabi niya sa sarili. Dapat ay bumalik siya kinabukasan para hanapin ito. Itatago ko na lang ang kuwintas na ito, para magsilbing reminder sa akin na lahat ng babae ay parepareho. Que mayaman, sosyal at edukada katulad ng taksil na asawa ko o mahirap na prostitute katulad ng babaeng nakasiping ko, lahat ng babae ay mapagkunwari.*

# CHAPTER ONE

**M**arch 2001, sa ballroom ng *EDSA Shangri-La* sa Mandaluyong....

“Jeffrey, Sweetheart, what do you think of my gown?” maarteng tanong ng eighteen-year-old na si Francine Berroya sa katipan.

“Maganda,” bored na sagot ni Jeffrey, thirty-four years old, habang pinapanood ito na umiikot-ikot sa harapan niya upang ipakita ang kabuuan ng lavender gown na suot nito.

Wala siyang mairereklamo sa nobya. Maganda ito, balingkinitan ang katawan, malusog ang dibdib na halos lumuwa na sa suot nitong gown, ayos na ayos ang itim at tuwid na buhok, maamo ang brown na mga mata.

Ang diperensya nga lamang ay wala siyang nararamdamang pagmamahal dito. Hindi nito pinatitibok ang kanyang puso, and to top it all off ay walang kalaman-laman ang utak nito kundi ang magpaganda, ang makipagsosyalan, ang mag-shopping at ang bumiyahe sa iba’t ibang bansa.

Pero iyon ang hinahanap niya sa ikalawang

babae na kanyang pakakasalan. Young enough para maging madali na i-mold ito sa kanyang mga pangangailangan. Beautiful enough para maging kaaya-aya ang hitsura ng magiging mga anak nila, at higit sa lahat ay walang sapat na talino para hindi nito mapansin ang kakulangan ng damdamin niya para rito.

Ayaw na niya ng matalinong asawa. Ang unang asawa niyang si Susana ay isa sa mga pinakamatalinong tao na nakilala niya, and look what she did to him. Napangiwi siya nang maalala ang unang asawa at kakabit niyon, ang nag-iisang anak nilang si Miguel.

Twenty years old siya nang ikasal sila ni Susana, kaklase niya sa Business Administration and Management sa *Ateneo*. Pinakasalan niya ito dahil mahal niya ito, at akala niya ang kanilang pagsasama ay panghabambuhay. Ngunit nagkamali siya.

A year after their wedding ay binigyan siya ni Susana ng isang lalaking anak—si Miguel, and his happiness knew no boundaries. Pero six months matapos nitong ipanganak ang kanilang panganay ay inatake sa puso ang kanyang ama. Hindi ito namatay pero naparalisa ito. At bilang panganay sa kanilang dalawa ni Ferdie, ang nag-iisa niyang kapatid,

bumagsak sa kanya ang pagma-manage ng malaking negosyo ng pamilya.

Napilitan siyang mag-concentrate sa negosyo, thus, neglecting his young family. At dahil sa madalas siyang wala sa piling ng asawa at anak ay naging mapaghanap si Susana hanggang sa magkaroon ito ng affair sa iba't ibang lalaki. Naging aware na lang siya sa pangangaliwa nito nang apat na taon na silang kasal. By the fifth year of their marriage ay wala na ang pag-ibig na namagitan sa kanila.

He was on the verge of getting an annulment nang sumama si Susana sa huling lover nito. Isinama pa nito si Miguel sa pakikipagtanan para magkaroon ito ng leverage sa pakikipagnegosasyon sa kanya tungkol sa makukuha nitong pera.

Ngunit habang patakas ang tatlo ay bumangga ang kotseng sinasakyan nila sa tanker ng isang oil company. Sumabog ang dalawang sasakyan upon impact, at sunog na sunog ang lahat ng taong na-involve sa sakuna, kasama ang kanyang anak na four years old.

Simula noon ay isinumpa na ni Jeffrey ang mga babae. Nakikipagrelasyon pa rin siya sa mga ito, pero pinipili niya iyong mga babaeng umiiwas din sa commitment tulad niya. At para makalimutan



ang sakit ng pagkawala ng pinakamamahal na anak ay isinubsob niya ang kanyang sarili sa trabaho at pagbibiyahe hanggang sa napalago pa niyang lalo ang kanilang business empire.

Ngunit nitong nakaraang taon ay nag-umpisa siyang makaramdam ng pagnanasa na magkaroon na ulit ng mga anak na magmamana ng lahat ng kanyang pinaghihirapan. At napili nga niya ang nag-iisang anak na babae ng mayamang pamilya Berroya.

Ngayong gabi ay ia-announce na ang kanilang engagement pati na rin ang araw ng kanilang kasal na nakatakhang ganapin sa buwan ng Disyembre. Ngunit habang lumalalim ang gabi at nalalapit ang oras ng pag-aanunsyo ay nagdadalawang-isip si Jeffrey tungkol sa pagpapakasal kay Francine.

She was so empty-headed at alam niyang mamamatay siya sa boredom sa piling nito. At paano kung mamana ng magiging mga anak niya ang kawalan ng talino ng babae? By the time na tawagin sila ni Francine sa gitna ng ballroom ay nakapagdesisyon siya. Hindi na niya itutuloy ang pagpapakasal sa unica hija ng mga Berroya.

Napangiti siya nang maisip ang maraming paraan para si Francine na mismo ang umurong sa kanilang kasal. Katulad na lang ng paglalasing sa harapan nito,

pakikipag-flirt sa ibang babae kahit kasama ito, at marami pang iba.

With those thoughts running through his mind, nakangiting iginalang niya ang mga mata sa nakapaligid na mga bisita. That was when his eyes fell on the most beautiful and enchanting woman he had ever seen.

Nakatayo ang babae sa pintuan papasok sa ballroom, iginagala ang mga mata na para bang may hinahanap. Simple lamang ang damit nito, ni hindi nga maituturing na party dress, pero napakaganda pa rin nito.

Iginalang niya ang mga mata sa kabuuan nito. Hindi ito gaanong matangkad, balingkinitan ang katawan, malusog ang dibdib, mahaba at slim ang legs na kita sa above-the-knee dress na suot nito. Makinis ang maputi nitong balat, mahaba at makintab ang itim at tuwid na buhok.

Kung tutuusin ay malaki ang pagkakahawig nito sa namatay na asawa at kay Francine, but there was something about this woman that filled him with an overwhelming desire to ravish her right there and then and protect her at the same time.

Biglang tumingin ang babae sa direksyon niya. When their eyes met, time seemed to freeze. The people and the world around them just faded away.

There were just the two of them as they stared hungrily at each other.

Walang anu-ano ay kumunot ang noo ng babae. She looked closer at him at nakita niya ang galit na gumuhit sa mukha nito bago ito naglakad papalapit sa kinatatayuan niya. Nang mag-umpisa itong maglakad ay saka lang niya napansin ang lalaking kasama nito. Napakunot ang kanyang noo nang makilala na ang lalaki. Ito ay si Marvin Briones, isa sa masusugid na manliligaw ni Francine na nagalit nang makuha niya ang dalaga.

Nang ibalik ni Jeffrey ang atensyon sa babaeng papalapit, nakatayo na ito sa kanyang harapan. At kung maganda ito sa malayo ay lalo pa itong maganda sa malapitan, lalung-lalo na ang berdeng mga mata nito na galit na nakatingin sa kanya.

“Buti na lamang at nakarating ako sa oras bago mo naisagawa ang isang malaking pagkakamali. Diyos ko! Di ko akalain na ganito ka kasama,” galit na sabi nito bago bumaling kay Francine. “Miss Berroya, pasensya na kung masasaktan ka, pero hindi mo maaaring pakasalan ang demonyong ito. Darating ang araw na pasasalamat mo ako sa ginawa kong ito.”

Narinig ni Jeffrey ang bulungan ng mga tao sa

paligid, pero bago pa siya makapagsalita ay nagsalita ang fiancée.

“Anong kalokohan ito?” pasigaw na sita nito kay Marvin. “Bakit mo sinira ang gabing ito, when you know how important this occasion is for me? Nakakainis ka talaga!”

Gulat na bumaling ang mysteryosang babae kay Francine. “Miss Berroya, huwag kang magalit kay Mr. Briones. Dapat nga ay magpasalamat ka sa pakikialam niya dahil—”

“Ayokong makinig sa mga sasabihin ninyo!” singit ng dalaga bago ito kumapit sa braso ng fiancé. “Kahit ano pa ang sabihin ninyo ay magpapakasal pa rin ako kay Jeffrey.”

“Hindi ka maaaring magpakasal sa lalaking ‘yan dahil kasal na siya!” sabi ni Marvin na itinuro ang mysteryosang babae. “‘Yan ang asawa niya!”

Lalong lumakas ang bulung-bulungan ng mga bisita kaya sumingit na si Jeffrey.

“Itigil na ninyo ang kalokohang ‘to,” mariing sabi niya bago bumaling sa binata. “Naiintindihan ko na masama ang loob mo sa pag-reject sa ‘yo ni Francine, pero hindi sapat na dahilan ‘yon para guluhin mo ang kasayahang ito. Mabuti pa siguro ay umalis ka na rito at isama mo na rin ang kaibigan mong artista,” utos

niya.

“Hindi kami aalis,” matigas na singit ng babae. “At hindi ako artista; hindi ako nagpapanggap na asawa mo,” sabi nito habang kinukuha ang isang dokumento mula sa hawak na envelope. “Ayan ang marriage contract natin.” Iniabot nito sa kanya iyon. “Tingnan natin kung ide-deny mo pa rin na kasal tayo.”

Narinig niya ang palahaw ni Francine. Kinuha niya ang dokumento at nakita ang kanyang pirma roon. Bumaling siya kay Marvin. “Alam mo bang isang krimen ang mag-forged ng pirma ng ibang tao? Mabuti pang sundin mo ang sinabi ko kanina bago pa maubos ang pasensya ko sa inyong dalawa.”

“Hijo, maaari bang makita ang dokumentong ‘yan?” tanong ng kanyang ama na si Don Pepito na mahigit isang taon nang nakaka-recover sa pagkaparalisa nito.

Iniabot niya iyon dito at muling bumaling sa magandang babae na ngayon ay nakabaling sa matanda. Kahit na gumawa ito ng iskandalo ay hindi pa rin niya maiwasang ma-attract sa ganda nito.

“Sir, hindi ko ho alam kung sino kayo, at hindi rin ninyo ako kilala. Pero hindi ho ako nagsisinungaling at hindi rin fake ang marriage contract na ‘yan.

Asawa ko ang lalaking ito; magwawalong taon na ho kaming kasal sa darating na Mayo. Ikinasal ho kami sa Davao," matapat na sabi nito.

Naapektuhan naman ang don sa pahayag ng babae pati na rin sa dokumentong hawak nito. Pero hindi ito makapaniwala na magagawa ng anak na magpakasal sa isang babae without telling them, at pagkatapos ay iiwan ang pinakasalan.

"Makabubuti siguro kung pag-usapan natin ang bagay na ito sa isang pribadong lugar," anito bago bumaling sa ama ni Francine. "Pasensya ka na, Lauro, sa pangyayaring ito. Nakakahiya, pero wala tayong magagawa kundi i-postpone muna ang announcement."

Kahit napipilitan ay sumunod na rin si Jeffrey sa suhestyon ng ama para matapos na ang problema. Ilang sandali lang ay nakakuha na siya ng libreng kuwarto sa hotel at pumunta roon ang dalawang matandang lalaki, si Ferdie, si Marvin at ang babaeng nagpapanggap na asawa niya.

Kung tutuusin ay dapat siyang magpasalamat sa mysteryosang babae dahil natulungan siya nito na makipagkalas kay Francine noon din mismo. But he did not like being forced into a situation. Isa pa, di rin niya gustong inaakusahan siya ng isang bagay na

hindi naman niya ginawa.

“Sabihin mo, Marvin, saan mo nakuha ang artistang ito?” sarcastic na tanong niya nang maisara na ang pinto ng kuwarta.

“I do not know this woman,” tanggi ng binata. “Na-meet ko lang siya sa labas ng ballroom at nakikipagtalo sa isa sa mga ushers. Tinulungan ko lang siya para makapasok nang magpakilala siyang asawa mo,” paliwanag nito.

“Totoo ang sinasabi ni Mr. Briones,” sabad ng babae. “Kanina lang kami nagkakilala, at hindi ako isang artista. Jeffrey, kailangang aminin mo na ang katotohanan. Ikinalulungkot ko kung nakagawa ako ng isang iskandalo sa pagdating ko sa araw na ia-announce mo ang iyong engagement kay Miss Berroya, pero naging imposible para sa akin ang makarating bago ang araw na ito.

“But what happened still does not change the fact that we are married,” giit nito bago bumaling sa kanyang ama. “Sir, hawak ho ninyo ang katibayan. Pirma ho ni Jeffrey ang nakalagay diyan at ako mismo ang magpapatunay na pinakasalan niya ako almost eight years ago,” deklarasyon nito.

“Kung totoong pinakasalan kita, bakit hindi ko maalala ang kasalang sinasabi mo? Bakit hindi kita

natatandaan?" matigas na balik niya.

Nagpalipat-lipat ng tingin ang babae sa mga tao sa silid na iyon hanggang sa tumigil ito sa kanyang ama. "Sir, hindi ho ako nagsisinungaling," pilit nito.

"Makabubuti siguro kung magpakilala ka muna sa amin, Hija, at ikuwento mo kung paano nangyari na napangasawa mo ang aking anak," sabi ni Don Pepito matapos bumuntung-hininga.

Bago pa man makapagsalita ang babae ay sumingit si Marvin para magpaalam na dahil tapos na ang papel nito sa usapan.



## CHAPTER TWO

“*A*ng pangalan ko po ay Monica Castillo, twenty-five years old, at nakatira ho ako sa *Rancho Esmeralda*, isang rancho just outside Davao City,” pag-uumpisa ng babae.

“Eight years ago ay ipinagkasundo ako ng aking Lolo Paulo kay Jeffrey na nakilala niya sa bahay ng gobernador ng Davao. Madalas hong pumupunta ang lolo ko sa bahay nito para mag-mahjong. During one of those sessions ay nakalaro at nakilala niya si Jeffrey.”

“Teka, Hija, kung twenty-five years old ka ngayon, eight years ago ay seventeen years old ka lang,” kunot-noong obserbasyon ni Don Pepito.

“That’s right, Sir,” sagot niya. “I know that I was too young to get married then, but you see, unknown to me, nalaman ng lolo ko na malapit na siyang mamatay sa cancer. Kaya nagpursige siyang ihanap ako ng lalaking mag-aalaga at magpoprotekta sa akin sa panahong wala na siya. At ang napili nga niya ay si Jeffrey.

“The wedding took place in a church in Davao.

Kahit ho halungkatin ninyo ang records ng kasal sa simbahang iyon, malalaman ninyong nagsasabi ako ng totoo.”

“At ang iyong Lolo Paulo, Hija, nasaan na siya?”

“Namatay ho siya a few months after my wedding,” malungkot na tugon niya. “Buti na lamang at patay na siya. Hindi niya nalaman kung gaano kasama at kairesponsable ang lalaking napili niya para alagaan at protektahan ako,” patutsada niya sa asawa.

“Magaling na kuwento. Unfortunately, it is all untrue,” sarcastic na giit ni Jeffrey bago bumaling sa ama. “*Hindi* ko siya pinakasalan, Papa. Don’t you think I would have remembered if I married her?” pagtatanggol nito sa sarili.

“Pero, Jeffrey, if I remember correctly ay naroon ka nga sa Davao eight years ago,” sabad ng kapatid nitong si Ferdie. “At sa pagkakatanda ko ay doon ka nga tumigil sa bahay ni Gov. Toledo nang time na ‘yon. Hindi ba’t ‘yon ang last time na namalagi ka sa bahay na ‘yon because it was during your stay there na namatay ang kaibigan mong si Glenn?”

Dahil abala ang magkapatid sa pag-uusap ay hindi nila napansin ang biglang pagtalas ng mga mata ni Monica nang marinig ang sinabi ni Ferdie.

“You are right, Ferdie, but I did *not* get married to anyone during my stay there,” pilit pa rin ni Jeffrey, pero nakita nito na unti-unti ay naniniwala na ang ama at kapatid sa mga sinasabi ng babae. Bumaling ito sa kanya. “Bakit ngayon ka lang nagpakita? Kung totoong pinakasalan kita eight years ago, bakit ngayon ka lang nagpakilala sa pamilya ko?” galit na tanong nito.

“Dahil may kasunduan tayo,” mabilis na balik niya. “We agreed that we would not make demands on each other. Napagkasunduan din natin na after five years ay ibabalik mo sa akin ang perang ibinigay ni Lolo Paulo sa iyo para pakasalan ako. Pero hindi mo iyon ginawa. Hindi naman kita mapuntahan dahil hindi ko alam kung saan kita hahanapin pagkat ang address na ibinigay mo sa akin ay fake.

“And then I saw the announcement of your engagement in the newspapers. Nagmadali akong pumunta rito para pigilin ang pagko-commit mo ng bigamy at tuloy ay singilin na rin ang perang utang mo sa akin,” paliwanag niya in an indignant voice.

“Sinasabi ko na nga ba’t may perang involved rito,” sabi nito with a sneer on his face. “At magkano ang utang ko sa ‘yo?”

“Fifty million pesos. At huwag mo akong kutyain

dahil may dala akong katibayan sa mga sinasabi ko," sabi niya, sabay kuha ng isa pang dokumento mula sa envelope at iniabot iyon kay Jeffrey. "Sige, tingnan mo ang dokumentong 'yan at i-deny mo kung magagawa mo," hamon niya.

Tiningnan nito iyon at muli ay nakita ang sariling pirma. "Magtapat ka na, magkano ang ibinayad sa 'yo ni Marvin para sirain ako sa harap ng maraming tao?"

Hindi na siya nakapagpigil; sinugod niya ito at sinampal sa mukha. Ngunit nakaramdam siya ng takot nang bago pa siya makalayo ay nahuli nito ang kanyang kamay.

"Don't you dare do that again or makakatikim ka sa akin," banta nito matapos ipilipit ang kanyang kamay sa likuran niya.

"Jeffrey!" shocked na sigaw ng ama nito. "Nasisiraan ka na ba ng bait? Babae 'yang minamaltrato mo."

Marahas nitong binitawan ang kamay niya at bumaling sa ama. "At ano ang gusto mong gawin ko, Papa? Pasalamatang babaeng ito matapos niyang sirain ang reputasyon ko at pagkatapos ay sampalin pa ako?" galit na tanong nito.

Iling-iling na sumingit ang ama ni Francine.

“Pepito, I am so disgusted at the way things are turning out,” dismayadong sabi nito. “Patawarin mo ako, iniuurong ko na ang aking pagsang-ayon sa pagpapakasal ni Jeffrey sa aking si Francine. Kahit maayos pa ninyo ang gusot na ito ay hindi na ako papayag na makasal sila matapos na makita ko kung paano tratuhin ng iyong anak ang isang babae.”

“Naiintindihan ko ang iyong desisyon, Lauro,” pagtanggap ni Don Pepito. “Kahit ako ay hindi makapaniwala sa ikinikilos ng aking anak.”

Gustung-gusto ni Jeffrey na ipamukha sa ama ni Francine na bago pa man sumabog ang iskandalong ito ay nagpasya na siyang hindi ituloy ang pagpapakasal sa anak nito. Pinigil lang niya ang sarili dahil ayaw na niyang dagdagan pa ang kahihyan ng kanyang ama.

Nang makaalis na ang matandang lalaki ay bumaling si Don Pepito sa bunsong anak. “Ferdie, Hijo, hanapin mo ang iyong mama at sabihin mong maghanda na siya sa ating pag-uwi,” utos nito. Mabilis namang tumalima ang lalaki.

“At ako ho, Sir? Ano ho ang gagawin ko? Babalik na lang ba ako sa pinanggalingan ko para maging normal na ulit ang takbo ng buhay ninyo?” nanunumbat na tanong ni Monica.

Hindi ito ang sumagot kundi si Jeffrey. "Oh, no. Much as I want you to disappear from my life ay wala akong balak na pakawalan ka hangga't hindi mo ipinagtatapat ang katotohanan. Sasama ka sa amin sa bahay kung saan sasagutin mo ang lahat ng katanungan namin."

Nakaramdam siya ng kaba sa tono ng boses nito at sa expression sa mga mata nito. "Hindi na kailangang sumama pa ako sa bahay ninyo. Nakapag-check in na ako sa isang hotel sa Makati. Kung gusto ninyo ay pupunta ako sa bahay ninyo bukas para pag-usapan nating muli ito," suhestyon niya.

"No," mabilis na tanggi nito. "Hindi ako makakapayag na ang babaeng nagsasabing asawa ko ay mag-stay sa isang hotel gayong marami namang kuwarta sa aming bahay para sa kanya," dugtong nito in a polite voice.

Dudang-duda siya sa paanyaya ng asawa. Nababasa niya sa mga mata nito na may binabalak itong masama. Isa pa, hindi siya maaaring sumama sa mga taong ito dahil kapag ginawa niya iyon ay matutuklasan ng mga ito ang kanyang sekreto.

"Salamat sa paanyaya mo, pero mas gusto kong sundin ang sarili kong arrangements," matigas na tugon niya.

“Hija, tama si Jeffrey sa pagkakataong ito,” singit ni Don Pepito. “Mas makabubuti na doon ka muna sa amin manirahan habang inaayos pa natin ang mga bagay-bagay.”

“Pero, Don Pepito, wala ho sa mga plano ko na guluhin pa ang buhay ninyo,” sambit niya. “Naparito lang ako para singilin ang anak ninyo ayon na rin sa napagkasunduan namin. Beyond that ay wala na akong inaasahan pa sa inyong pamilya. Isa pa, hindi ho ako nag-iisa na pumunta rito sa Maynila; may kasama ho ako.”

Kumunot ang noo nito. “Akala ko ba ay ang Lolo Paulo mo lang ang natitira mong kamag-anak,” naguguluhang sabi nito.

“Hindi ko ho kamag-anak ang kasama ko kundi ang babaeng nag-alaga sa akin simula noong bata pa ako. Nang magdesisyon akong lumuwas ng Maynila ay hindi siya pumayag na bumiyahе ako mag-isa dahil alam niya na maraming loko dito.”

Napangiti ito, unti-unti ay naniniwala na sa kuwento ni Monica. Ang isang babaeng manloloko ay hindi na magsasama pa ng kanyang yaya para lang makapanlinlang.

“Walang problema, Hija. Malaki ang bahay ko,” saad nito. “I am sure na maihahanap natin ng

Nag-umpisa na siyang mag-panic. "Don Pepito, maraming salamat ho sa paanyaya ninyo. Pero imposibleng matanggap ko ang inyong hospitality gayong nakikita ko na nagdududa pa rin kayo sa aking pagkatao," pagdadahilan niya.

Kinuha ng matandang lalaki ang kamay niya. "Naiintindihan kita, Hija, pero sa palagay ko ay mas makabubuti na doon ka muna sa amin tumira."

"Pero—"

"Pero ano?" taas-kilay na singit ni Jeffrey. "Bakit ayaw mong sumama at tumira sa bahay namin? Hindi ba't 'yan naman ang talagang gusto mong mangyari—to worm yourself into our family?" sarcastic na tanong nito.

"Inuulit ko, ang habol ko lang ay ang pera na dapat ay ibinalik mo sa akin ayon sa ating kasunduan at wala nang iba pa," aniya.

"Akala mo ba, pagkatapos mong magpakilala na asawa ko sa aking pamilya ay basta-basta na lang sila papayag na bigyan kita ng pera at pagkatapos ay hayaang bumalik kung saan ka nanggaling?" galit na balik nito. "Well, nagkakamali ka kung 'yun ang inaakala mo."

"Tama si Jeffrey, Monica," singit ni Don Pepito sa



malumanay na boses. “Totoong I am not yet totally convinced na nagsasabi ka ng totoo, pero kapag napatunayang totoo lahat ng kini-claim mo, hindi ako makapapayag na basta ka na lang mawala sa aming pamilya.

“Ako, ang asawa ko at si Ferdie ang tutupad sa pangarap ng lolo mo nang ipagkatiwala ka niya kay Jeffrey. Kami ang mag-aalaga at magpoprotekta sa ‘yo na di nagawa ng anak ko,” pahayag nito sa seryoso at malungkot na boses, patunay na disappointed ito sa mga natuklasan at ipinakita ng anak na panganay nang gabing iyon.

Hindi naman makaimik si Jeffrey. Gusto nitong ipagtanggol ang sarili, patunayan sa ama na nagsisinungaling ang babae, pero hindi nito alam kung paano.

“It’s getting late. Siguro dapat na natin sunduin ang kasama mo para makapagpahinga na tayo,” paanyaya ni Don Pepito sa kanya. “Remember, marami pa tayong dapat pag-usapan bukas.”

Napapikit si Monica, hindi malaman kung paano sasabihin sa mag-ama ang isa pa niyang sekreto. Huminga siya nang malalim at pikit-matang nagsalita. “Don Pepito, may isa pang tao akong kasama na hindi nabanggit kanina,” sabi niya sa

mahinang boses.

“Oh? Sino?” interesadong tanong nito.

Muli siyang huminga nang malalim at saka iminulat ang kanyang mga mata. Mabilis niyang tiningnan si Jeffrey, pero kaagad din iyong binawi nang makitang mataman siyang tinitingnan nito.

“Ang ak—aming anak na si Nicolo,” matapang na sagot niya.

## CHAPTER THREE

**H**indi totoong si Jeffrey ang ama ng kanyang anak, pero tanging siya at ang yaya lang ang nakakaalam sa katotohanang iyon. Ang akala ng lahat, si Nicolo ay anak ng lalaking pinakasalan niya, si Jeffrey, na iniwan siya the day after their wedding. In fact, ang pangalan din nito ang inilagay niyang ama sa birth certificate ng anak para lamang hindi ito matawag na bastardo.

“Ano? Anak?” gulat na tanong ni Jeffrey. “Hoy, Babae! Napupuno na ako sa mga kasinungalingan mo. I have never met you before tonight, and I would have remembered kung naikama na kita. Maaaring nakukumbinsi mo na si Papa na asawa nga kita, pero hindi ako papayag na ipasa mo sa akin ang responsibilidad sa bastardo mong anak!” nanggalaiting sigaw nito.

Nagpanting ang tainga ni Monica nang marinig iyon kahit totoo. “Hindi bastardo ang anak ko!” mabilis na tanggi niya. “Murahin mo na ako at lait-laitin pa, pero huwag na huwag mong tatawagin na

bastardo ang anak ko!”

Napapikit ito, nagdasal na sana ay matapos na ang bangungot na iyon. “Okay, okay, I’m sorry. Alam kong hindi siya dapat madamay sa mga kasinungalingan mo. But I still maintain na hindi ako ang ama ng anak mo.”

Nagulat siya sa paghingi ng paumanhin ng asawa. Nang makasalamuha niya ito eight years ago ay hindi ito ang tipo ng tao na mag-apologize. Pero naisip niyang ipagpatuloy na rin ang kasinungalingang naumpisahan na para hindi masira ang credibility niya sa harap ng pamilya nito.

“Pero anak mo siya, Jeffrey,” pilit niya. “Nicolo was born nine months after we got married,” matapang na sabi niya kahit alam na any moment ay maaaring banggitin ni Jeffrey ang nangyari, o ang kawalan ng nangyari, noong wedding night nila.

Umiling ito, matamang nakatingin sa kanya. “Nakapagtataka na hindi ko matandaan ang lahat ng bagay na konektado sa ‘yo—ikaw, ang ating kasal, ang ating honeymoon, at ngayon ang kini-claim mo na anak natin,” sarcastic na komento nito. “Paano nangyari ‘yon?”

“Eh, paano, noong magkakilala tayo ang tanging interes mo lang ay ang perang makukuha mo mula

kay Lolo Paulo, hindi ako o ang ating kasal,” sagot niya with a sneer on her face.

“Alam mo ‘yan pa ang isang bagay na gumugulo sa akin. Why would I marry for money? Fifty million pesos,” he said with a scorn. “Do you know what I am worth? Barya lang sa akin ang ganyang pera,” nakakainsultong sabi nito.

“Ngayon, barya lang sa ‘yo ang fifty million, pero noong panahon na ‘yon ay halos magkandarapa ka sa perang inialok sa ‘yo ni Lolo,” pakli niya. “In fact, gusto mo pang ipagdamot sa akin ang perang ‘yon. Kung hindi lang kita kinulit at kinonsyensya ay hindi ka pipirma sa kontratang ginawa ko.”

“Pero bakit ko tatanggapin ang ganoong salapi mula sa ibang tao? My family have money.”

“Ang sabi mo noon kailangang-kailangan mo ang pera para ipambayad sa mga utang mo sa sugal,” tugon niya. “Ang sabi mo pa ay hindi ka bibigyan ng pera ng iyong papa pag nalaman nito kung saan mo gagamitin iyon.”

“I admit that I used to gamble, pero hindi pa nangyari sa akin na nabaon ako sa utang dahil sa sugal,” mariing pahayag nito.

Nagkibit-balikat siya. “It’s your word against mine. May prueba ka ba na hindi mo

nga ako pinakasalan? May mga testigo ka ba na makapagsasabi na noong araw at eksaktong oras ng kasal natin ay kasama mo sila? How will you explain your signature on the marriage contract and on the agreement regarding the money that you were supposed to return to me?" sunud-sunod na tanong niya.

"Monica, Hija, ipagpabukas na natin ang paghahanap ng sagot sa mga tanong mo. Mabuti pa ay pumunta na tayo sa hotel na tinutuluyan mo para masundo na natin ang aking apo at ang yaya mo," singit ni Don Pepito sa pagod na boses bago bumaling sa anak. "Jeffrey, mabuti pa ay umuwi ka na kasama ang iyong mama. Kami na lamang ni Ferdie ang sasama kay Monica sa hotel," utos nito sa malamig na boses.

Walang-imik na tumalima ang panganay kahit mabigat sa loob nito.

NANG MAKARATING SILA sa hotel kasama si Doña Marcelita, ang ina ni Jeffrey, na nagpumilit na sumama nang malaman na susunduin ang batang maaaring apo nito, ay tumuloy na sila kaagad sa kanyang kuwarto.

"Hay, Monica! Alalang-alala ako sa 'yo," salubong

ng isang matandang babae na siyang kinagisnan na niyang yaya, na ngayon ay ang nag-aalaga sa kanyang anak.

“Yaya Soledad, si Nicolo ho, tulog na po ba?” tanong niya.

“Oo, Ineng,” sagot nito habang panay ang tingin sa mga kasama niya. “Ang asawa mo, nakausap mo ba siya?”

“Oho, Yaya. Kasama ko nga ho ang mga biyenan ko at ang bayaw ko. Sinusundo nila tayo para doon muna tayo sa tahanan nila magpalipas ng ilang araw,” paliwanag niya pagkatapos ay isa-isang ipinakilala rito ang pamilya ni Jeffrey.

“Ang apo namin, Monica, nasaan na siya?” excited na tanong ni Doña Marcelita.

Walang-salita na naglakad siya papalapit sa kama. Naramdaman niyang sumunod ang mga ito sa kanya.

“Pepito, kamukhang-kamukha siya ni Jeffrey sa ganyang edad,” sambit ng ginang nang masilayan ang batang lalaki na natutulog sa gitna ng kama.

Napalunok siya sa narinig, hindi makapaniwala na magiging madali para sa kanya to pass Nicolo off as Jeffrey’s son.

Matamang tiningnan ni Don Pepito ang bata. “Oo nga, Marcelita, walang kaduda-duda,” masayang

pagsang-ayon nito bago bumaling sa kanya. “Hija, pasensya ka na kung pinagdudahan ka namin kanina. Pero ngayong nakita ko na ang anak mo, nawala na lahat ng pagdududa ko. Ang batang ito ay anak ni Jeffrey; kamukhang-kamukha siya ng mga lalaking Gutierrez. At naniniwala na rin ako na asawa ka nga ni Jeffrey. Welcome to the family, Monica,” masayang pagtanggap nito.

Naaalangan na niyakap niya ang biyenang. Nakokonsyensya siya sa ginagawa niyang panloloko sa dalawang matanda.

*Pero hindi, matigas na sabi niya sa sarili. Kung tumupad si Jeffrey sa aming kasunduan at ibinalik niya ang aking pera sa takdang oras, hindi sana ako umabot sa punto na kailangan kong manloko ng ibang tao para lang makuha ang dapat ay sa akin.*

Out of courtesy ay lumapit din si Ferdie sa kama at tinitigan ang batang natutulog. Isang taon lang ang tanda ni Jeffrey rito kaya natatandaan pa nito ang hitsura ng kapatid noong ito ay bata pa.

Iginala nito ang mata sa mukha ng pamangkin—sa matangos na ilong nito na hindi makakaila na Gutierrez talaga, ang mahabang pilik-mata, ang mga labi, maging ang hugis ng mga nakapikit na mata. Ang buhok nito na maitim na may kaunting wave ay



katulad din ng kay Jeffrey sa edad na pitong taon.

“Tama nga kayo, Mama, Papa, kamukhang-kamukha nga ni Jeffrey ang batang ito,” pagsang-ayon nito.

Pinakawalan ng don si Monica. “Makabubuti siguro kung umuwi na tayo para makapagpahinga na tayong lahat,” suhestyon nito.

HINDI NAGING MADALI para kay Jeffrey na makatulog nang gabing iyon. Gusto niyang ipagsigawan sa buong mundo na siya ay inosente, pero ayaw na siyang pakinggan at paniwalaan kahit ng sarili niyang pamilya. Lalo pa siyang nadiin sa balita ni Ferdie na kamukhang-kamukha niya ang bata na ipinapasa na anak niya.

Hindi niya alam kung siya o ang mga taong nasa paligid niya ang nababaliw. Pero sigurado siyang hindi niya pinakasalan si Monica, at lalong hindi siya ang ama ng anak nito kahit pa kamukha niya.

*I would have remembered meeting her, marrying her, and I would have definitely remembered bedding someone as beautiful and enchanting as her, makaisandaang ulit niya sa sarili.*

Pero alam niya na kahit ano pang pilit niya ay hindi na siya paniniwalaan ng mga magulang. Bulag

at bingi na ang mga ito simula nang makita ang bata na akala nila ay kanilang apo. Isang apo na matagal nang inaasam ng mga ito.

*Kailangang ma-expose ko ang babaeng 'yon for the liar that she is. Pero paano?*

Ilang oras din nag-isip si Jeffrey ng mga paraan para ma-unmask si Monica. Isang ngiti ang gumuhit sa guwapo at aroganteng mukha niya pagkatapos.

*Monica Castillo, or should I say Monica Gutierrez, kung tuso ka ay tuso rin ako, nakangising sabi niya sa sarili habang nakatanaw sa madilim na paligid. Since ipinaggigiitan mong asawa kita, well then, you will have your husband... tomorrow.*

KINABUKASAN AY MAAGANG BUMANGON si Jeffrey. Pagdating sa breakfast room ay naroon na ang kanyang mga magulang at kapatid.

“Good morning, everyone,” masayang bati niya matapos maupo. “Mukhang hindi pa bumabangon ang asawa at anak ko,” taas-kilay na puna niya.

“So, in-admit mo na ngayon na asawa mo nga si Monica,” sarcastic na obserbasyon ni Don Pepito.

“Uhhh...” tanging sagot niya.

“Eh, bakit panay ang deny mo kagabi na kilala mo siya?” nagtataakang tanong ni Ferdie.

“Ang totoo ay nakalimutan ko na ang tungkol kay Monica dahil halos walong taon na rin ang lumipas,” pagdadahilan niya.

“Jeffrey, how could you forget such an important event as your marriage?” nagtatakang tanong ni Doña Marcelita.

“Ang totoo niyan, akala ko’y na-annul na ang kasal namin ni Monica,” umpisa niya sa kasinungalingan. “Right after our marriage ay nagdalawang-isip na ako sa ginawa ko, so as soon as I could ay naghanap ako ng abogado sa Davao para siyang mag-asikaso ng annulment ng kasal namin. Binayaran ko ang abogadong ‘yon ng malaking halaga, then I came back home, and promptly forgot all about it and Monica,” dugtong niya. “After coming home last night ay nag-isip ako nang maigi. That was when I remembered everything.”

“But why did you marry her in the first place? Hindi mo kailangan ang pera ng lolo ni Monica, at ano ang ginawa mo sa perang ‘yon? Dapat ay ibinalik mo ‘yon, Jeffrey,” nag-aakusang pahayag ng kapatid.

“Ang totoo, I married Monica dahil naawa ako sa kanya at sa kanyang lolo,” dahilan niya. “Tungkol naman sa pera, kinuha ko ‘yon dahil masyadong mataas ang pride ng lolo ng asawa ko. I really meant

to return the money, kaya lang talagang nakalimutan ko na ang tungkol doon.”

“At ano na ang binabalak mo ngayon?” tanong ni Don Pepito, mataman pa rin siyang pinapanood.

“Balak kong seryosohin na ang responsibilidad na dapat ay sineryoso ko noon pa,” pahayag niya. “Alam n’yong kaya ko lang pakakasalan si Francine ay para magkaroon na ako ng mga anak. I don’t need to do that now. May asawa at anak na ako,” kunwa’y masayang sabi niya, pero sa loob ay nagngingitngit sa galit dahil sa mga pangyayari.

“Sa tingin mo ba’y papayag si Monica? Mukhang ang gusto lang niyang makuha ay ang perang dapat ay noon mo pa ibinalik sa kanya. I have the impression na wala siyang balak na makisama sa ’yo matapos ng ipinakita mong asal sa kanya kagabi at nitong nakaraang walong taon,” medyo sarcastic na paalala ng ama.

“Kaya nga plano kong dalhin sila sa bakasyunan natin sa Batangas,” nakangising pahayag niya. “Doon ay magkakaroon kami ng pagkakataon na magkakilanlan nang maigi.”

Iyon ang naisip niyang plano nang nagdaang gabi, to divide and conquer. Nakita niya kung gaano kadaling nakuha ni Monica ang tiwala ng kanyang

mga magulang at kapatid. Naisip niyang ilayo ito at ang anak nito sa kanyang pamilya habang magpapadala siya ng isang detective sa Davao para alamin ang tunay na pagkatao ng babae. Kapag hawak na niya ang lahat ng impormasyon ay saka niya ie-expose ito sa pamilya at sa mga pulis.

“Eh, gaano katagal naman kayo sa Batangas?” tanong ni Don Pepito.

“Isang buwan,” maikling sagot niya. *Siguro naman ay sapat na ang panahon na 'yon para makuha ng detective na iha-hire ko ang mga detalye ng pagkatao ni Monica.*

“Tama 'yang plano mo, Hijo,” pagsang-ayon kaagad ni Doña Marcelita. “Kunin mo ang kalooban ni Monica para hindi na niya maisip na lumayo. Hindi yata ako makakapayag na malayo sa akin ang kauna-unahan kong apo na matagal ko nang inaasam-asam.”

“Ngayong alam na ninyo ang plano ko tungkol sa aking pamilya at nakuha ko na ang pagsang-ayon ninyo, I hope you will excuse me,” nakangiting sabi ni Jeffrey. “Gusto ko nang makita ang asawa at anak ko para maibalita ko na sa kanila ang pagpunta namin sa Batangas.”